
## Southeastern Live Well Center

# Mga Madalas Itanong

LiveWellSD.org/centralregion



## ANO ANG LIVE WELL CENTER NG COUNTY NG SAN DIEGO?

Ang Southeastern Live Well Center ay magkakaloob ng mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan para sa mga taong naninirahan sa komunidad sa isang sentral na lokasyon. Ang aming misyon ay lumikha ng oportunidad para sa mga residente anuman ang edad, kasarian, lahi/etnisidad at sosyo-ekonomikong antas para makamit ang Bisyon ng *Live Well San Diego* para sa rehiyong Bumubuo ng Mas Mahusay na Kalusugan, Namumunhay nang Ligtas, at Umuunlad.

### Bakit nagtatayo ang County ng Live Well Center sa Southeastern San Diego?

Ang mga kasalukuyang pasilidad ay luma na, maliit, magkalayo, at walang sapat na paradahan. Bilang tugon sa kahilingan para sa mas mahusay na paggamit ng mga serbisyo, ang County ay namumuhunan sa isang pasilidad na nagbibigay ng maraming serbisyo at nag-aalok ng nakakaengganyang kapaligiran. Ang maraming palapag na gusali ay magbibigay ng ligtas, malusog, pampamilya at kapaki-pakinabang na mga tampok na may maraming paradahan para sa mga customer.

## INPUT NG KOMUNIDAD

### Ano ang ilang halimbawa ng Input ng Komunidad sa Disenyo na isasama sa Disenyo para sa proyektong Southeastern Live Well Center?

Ang mga halimbawa ng input ng komunidad na isinasama sa disenyo ng proyekto ay kinabibilangan ng: isang wellness at meditation garden; 4,000 square foot na conference center na maaaring gamitin bilang espasyo sa pagpupulong na pangkomunidad; isang outdoor area para sa isang coffee cart; isang nakalaang workspace para sa mga organisasyong pangkomunidad; isang play area para sa mga bata sa waiting area ng Family Resource Center; lokal na sining na kumakatawan sa kasaysayan at kultura ng komunidad; at daanang nakakonekta sa makasaysayang Chollas Creek.

## EPEKTO SA EKONOMIYA

### Ilang empleyado ang magtatrabaho sa Southeastern Live Well Center?

Humigit-kumulang 238 empleyado.

### Makakagawa ba ang proyektong ito ng mga oportunidad para sa mga kabataan at matatanda sa komunidad na magtrabaho at makisali sa mga programa ng pagsasanay, at/o mag-alok ng mga internship o externship upang makakuha ng karanasan sa trabaho?

Ang PCL Construction ay nakatuon sa paggastos ng 10% ng halaga ng kontrata sa mga lokal na negosyo at pagkuha ng mga lokal na manggagawa. Bukod pa rito, magkakaroon ng maraming oportunidad sa pagkontrata at pag-subcontract na nilikha ng mga aktibidad ng proyekto. Magho-host ang County ng mga outreach event para matiyak na alam ng komunidad ang mga oportunidad sa proyekto.

# Mga Madalas Itanong



## Paano sinusubaybayan ng mga kumpanyang interesadong magtrabaho sa proyektong ito ang mga oportunidad sa negosyo sa hinaharap?

Ang mga pagkakataon sa negosyo sa hinaharap ay ipo-post sa BuyNet, isang interaktibong website para sa mga supplier na interesadong magnegosyo sa County ng San Diego. Kapag nakarehistro na, makatatanggap ang inyong kumpanya ng mga pamproduktong abiso ng mga bagong solisitasyon at mga pagbabago sa mga solisitasyon, batay sa United Nations Standard Products and Services Code (UNSPSC commodity codes na tumutukoy sa mga produkto at serbisyo. Para magparehistro, mangyaring pumunta sa https://buynet.sdcounty.ca.gov/. Kung mayroon kang mga katanungan o nangangailangan ng tulong sa pagpaparehistro, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pagbili at Pagkontrata ng County sa (858 505-6367). Magho-host ang PCL Construction ng mga outreach event para sa mga lokal na negosyo at residente ng komunidad na interesadong matuto pa tungkol sa proyekto at mga potensyal na oportunidad. Para sa karagdagang impormasyon at maisama sa paparating na listahan ng bidder, mangyaring makipag-ugnayan sa: SELWCOutreach@pcl.com.

## Magkakaroon ba ng mga pagkakataon para sa maliliit, minorya, beterano at/o mga negosyong pag-aari ng kababaihan na lumahok sa pangunahing kontratang iginawad o makipagkumpitensya para sa mga bahagi ng proyekto?

Oo, ang mga patakaran ng County ng San Diego ay nagtataguyod ng Malilit na Negosyo pati na rin mga Negosyong Pag-aari ng Beterano at May upang lumahok sa Mga Kontrata ng County. Ang mga negosyo ng Minorya at Pag-aari ng Babae ay kuwalipikado bilang bahagi ng mga oportunidad ng Maliliit na Negosyo. Ang pangkonstruksiyong bahagi ng proyekto ay mangangailangan sa pangunahing kontratista na mag-subcontract nang hindi bababa sa 3% ng trabaho sa Mga Negosyo ng May Kapansang Beterano. Ang California Public Contracts Code ay nag-aatas na ilahad ng lahat ng kontratista sa konstruksiyon ang lahat ng mga subcontractor na gumaganap sa trabaho, paggawa, o nagbibigay ng mga serbisyo sa pangunahing kontratista sa halagang lampas sa 0.5% ng kabuuang halaga ng kontrata sa konstruksiyon. Bukod pa rito, bilang bahagi ng kanilang mga panukala para sa proyekto, hihilingin sa mga potensyal na kontratista na ipakita ang kanilang mga plano para makipag-ugnayan sa Maliliit na Negosyo at Mga Negoysong Pag-aari ng Beterano at May Kapansanang Beterano. Regular ding magho-host ang County ng mga outreach event sa komunidad para itaguyod ang iba pang oportunidad sa pagkontrata at pag-subcontract na nilikha ng proyekto.

## Paano makatutulong ang proyektong ito sa pangmatagalang resulta ng edukasyon para sa mga kabataan sa komunidad?

Gagamitin ng County ng San Diego ang Southeastern Live Well Center bilang lokasyon para makipagtulungan sa Mga County Employee Resource Group at mga kasosyo sa komunidad na mag-alok ng suporta at tulong sa mga kabataan sa kapitbahayan para sa pagtatapos ng high school at higit pang edukasyon.



